ISSN: 2546-0536

# HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 3 • Blg. 1 Mayo 14-20, 2018 • P10.00

Parang banda ng musika…

## SEKTANG PANRELIHIYON SA MENDEZ, INIIREREKLAMO SA MATINDING INGAY?

pahina 2

## FREE ICT TRAINING PROGRAM OFFERED TO BACOOREÑOS

p.4

## OLD IMUS CITY HOUSES FEATURED IN PHOTO CHALLENGE

pahina 5

## JOTA, MEDINA MAGKASALO SA KAMPEONATO

p.6

## 2018 WORLD SLASHER CUP PATOK ANG TEAM EXCELLENCE

p.7

## DOH DONATES 49 AMUBALANCES AND 2 DENTAL BUSES TO CALABARZON

p.11

## TOP 8 MOST WANTED PERSON NG 'DASMA, NADAKMA NG PULISYA

pahina 12

## MASAYANG TAGPO SA IKA-2 ANIBERSARYO NG 'HANEP' SA TATA VER'S FAMILY KTV

pahina 9




WANTED

TEACHER

Maliksi, Bacoor, Cavite
JUST CALL OR TEXT:
09171195117

**Mail Permit No. 2C-17-05-533**
Office of Entry: Bacoor City, Cavite
Entered as 1st Class

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136 / 0999-3050106

## Parang banda ng musika…
# SEKTANG PANRELIHIYON SA MENDEZ, INIREREKLAMO SA MATINDING INGAY?

**INIREREKLAMO ng ilang residente ng Barangay Anuling sa bayan ng Mendez, Cavite ang isang religious organization sa kanilang lugar bunsod ng noise pollution o inililikha nitong matinding ingay.**

"Talo pa ang videoke, akala mo nasa concert o parang isang banda ng musika," paunang pahayag ng mga nagrereklamo na itinago ang mga pagkakakilanlan.

Ang sinasabi nilang matinding ingay ay nagmumula sa mga ginagamit na musical equipments ng samahan.

"Wala silang pakialam sa paghataw ng mga electric guitar at sa malalakas na pagpalo sa mga drum set," anila.

Hindi lamang ang mga musical instruments ang lumilikha ng ingay dahil maging ang mga boses o pagsasalita ng mga miyembro ng grupo ay halos pasigaw na ubod umano ng lakas.

"Naiintindihan namin na bahagi iyon ng kanilang fellowship o worship subalit sana ay isipin nila na marami rin silang naapektuhan at naiistorbo," paliwanag pa ng mga nagrereklamo.

"Nasa sekta sila ng panrelihiyon kaya dapat ay alam nila kung sila ba ay nasa wasto at maayos na nagsasagawa ng kanilang fellowship," dagdag pa nila.

Nabatid na ang gatherings ng grupo ay isinasagawa tuwing Miyerkules, Sabado at Linggo na minsan ay nagsisimula sa umaga at matatapos ng hapon.

Sa mga naturang araw ay doon na umano sila nakakaranas ng animo'y kalbaryo bukod pa ang karaniwang araw kapag mayroong practice.

Nilinaw ng mga nagrereklamo na naniniwala sila sa magandang adhikain ng grupo bilang nasa sekta ng relihiyon o simbahan.

Ang tanging hiling lamang nila ay bawasan ang nililikhang matinding ingay.

"Kung talagang requirements ng kanilang grupo ang malalakas o maiingay na pagtitipon, siguro ay humanap o ilagay nila sa akmang puwesto o lugar ang kanilang chapel," ayon sa mga residente.

Napag-alaman na may residenteng nakipag-usap at itinuro sa barangay official ang lugar na pinagtitipunan ng grupo subalit wala umanong nangyaring aksiyon.

Kaugnay nito ay umaapela sa lokal na pamahalaang bayan upang tugunan ang kanilang reklamo.

"Dalawa iyan dito sa aming lugar pero magkaiba ng pangalan ang kanilang religious group," pahayag nila.

Ang ipinagtataka lamang nila ay iyong isang grupo ay maayos at tahimik naman sa pagtitipon subalit itong kanilang inirereklamo ay matindi talaga umano ang inililikhang ingay sa buong kapaligiran.

Nabanggit ng mga nagrereklamo na ang tumatayong pastor ng maingay na grupo ay konektado sa isang insurance firm na nasa isang sangay ng Land Transportation sa Cavite. **MJ**




**2018 MINI AGRI TRADE FAIR:** The Provincial Government of Cavite thru the Office of the Provincial Agriculturist headed by Ms. Lolita Pereña welcomed farmers, fishermen, exhibitors and guests to the Mini Agri-Trade Fair on May 7, 2018 in Trece Martires City. Provincial Administrator for External Affairs Engr. Efren Nazareno who delivered a message on behalf of Governor Boying Remulla encouraged everyone to support leaders of the 2018 barangay election candidates who will push for agricultural programs. Showcasing various agricultural products of Cavite, the agri fair and exhibit was a two-day event that promoted the theme *"Produktong pinagyaman sa kanayunan, laan sa malusog at maunlad na pamayanan."***(PICAD)**

# Dasma City's academic achievers get P6.7-M cash gifts

Dasmariñas CITY, Cavite – Some 3,892 academic honorees and professional achievers received a total of PHP 6.7-million worth of cash gifts from the city government's 19th"Gawad ng Karangalan," an annual event to recognize the academic achievements of city residents.

City Mayor Elpidio Barzaga, with Cavite Congresswoman Jenny Barzaga, led the presentation of the cash gifts to this year's awardees at the Ugnayang La Salle of De La Salle University (DLSU)-Dasmariñas campus last May 3.

In a statement released Monday, Mayor Barzaga quoted from an ancient proverb, "You reap what you sow", as he inspired awardees and honorees for their "bountiful harvests of their brilliance, hard work and diligence in the pursuit of knowledge."

Recipients of the cash gifts include honor students in elementary, high school, tertiary and graduate school levels, as well as placers and passers in the board and bar examinations.

"The most powerful resource of the City of Dasmariñas is its citizenry and in today's world, human capital is considered the best national wealth," the elder Barzaga added.

He said that if the local government equipped its youth with the tool of education and could produce a multitude of learned individuals, then the city would have a better and more productive community. The day-long awarding ceremonies started as early as 7 a.m. for the elementary honor graduates; secondary honor graduates at 1 p.m. and the tertiary and Post-Graduate, and Board Placers and Passers capped the day with a program at 6 p.m.

All honorees received a cash gift, certificate of recognition and medal.

For the Elementary Level, the residents who graduated with the highest of honors were given PHP2,000, a certificate and a gold medal; while those with high honors get PHP1,500, a certificate and a silver medal; and those with honors are given PHP1,000 each, a certificate and a bronze medal.

Seconday level (Senior High School) honorees get PHP500 per category while in Tertiary, graduates with Latin honors (Summa, Magna, Cum Laude) get PHP20,000, PHP15,000 and PHP10,000 respectively and a plaque, while those who graduated with distinction was given PHP5,000 each and a plaque.

Lastly, those who earned their Graduate studies with distinction are awarded as follows: Masteral Degree with Distinction – Php 6,000) and a plaque; Doctorate Degree with Distinction – Php10,000 and a plaque; while those who earned their Doctorate Degree with no distinction get Php6,000 each.

Bar/Board Topnotcher (1st Place) are given PHP25,000 and a plaque; Bar/Board Placers (2nd to 5th Place) get PHP20,000 each and a plaque; Bar/Board Placers (6th to 10th Place) – PHP15,000 and a plaque; and all Bar/Board Passers – PHP2,000 and a certificate.

Aside from acknowledging the best and the brightest of residents who have shown outstanding academic performance, the annual recognition event aims to motivate residents to continuously strive for academic excellence.

The city's "Pamantasan ng Dasmariñas" is also set to start construction this year in pursuit of the city thrust to have a public university for the bright, eager and deserving K12 graduates.

The city government has embarked on the project to help students who are financially constrained to pursue a collegiate degree and aim to uplift the lives of young Dasmarineños and improve their chances for success. *(PNA)*




# KAKAMPI MO ANG BATAS



Atty. Batas Mauricio

## Matatandang Pinoy, nababahala sa ugaling makasarili ng marami

**INSPIRASYON SA BUHAY: "**... Ipagkatiwala mo sa Diyos ang iyong mga gagawin, at magtatagumpay ka sa lahat ng iyong mga layunin..." (Kawikaan 16:3, Bibliya).

-ooo-

**EX CAPT. GAUDENCIO SUNGA, HALIGI NG BGY. SAN MIGUEL, MEXICO, PAMPANGA:** Isa si Ginoong Gaudencio Sunga ng Bgy. San Miguel, Mexico, Pampanga, sa mga naging punong barangay ng kanilang lugar na hanggang sa ngayon ay pinapahalagahan ang kanyang mga opinyon, partikular ang kanyang pananaw na marami na sa mga Pilipino ngayon ang lantaran na ang pagiging makasarili. Bagamat siya ay 73 taong gulang na, pinili pa din siyang maging adviser ng kanilang kasalukuyang kapitan.

Nakasama ko si Kap. Sunga noong Martes, Mayo 08, 2018, sa isang court hearing sa Mexico Municipal Trial Court, at sa bahay ng isa pang kaibigan, si G. Roberto Ibe, kung saan kami ay nakipamiyesta, at kumain ng kalderetang bibe, menudo, hipon, mga nilagang gulay na isinawsaw sa burong Kapampangan (silipin po ang mga litrato sa www.facebook.com/attybatas).

Sa aming pag-uusap, nakita ko ang kanyang concern sa kung saan tutungo ang bansang Pilipinas ilang taon pa mula ngayon, sa harap ng maliwanag na pagiging kanya-kanya na ng ating mga kababayan, at mga pampersonal, pampamilya, at pampulitikang interest na lamang ang kanilang itinatampok at isinusulong.

-ooo-

**MGA MATATANDANG PINOY, NABABAHALA SA UGALING MAKASARILI NG MARAMI:** Hindi nag-iisa si dating Bgy. Capt. Gaudencio Sunga ng Bgy. San Miguel, Mexico, Pampanga sa ganitong pananaw. Dumarami na ang mga matatanda nating mga kababayan na nababahala na halos wala ng Pilipino ang maka-Diyos at makabayan. At batid nila ang panganib na dulot ng ganitong klase ng mga karakter at kaisipan, partikular sa dulot nitong away at gulo ng mamamayan.

Marami sa mga matatandang ito ang tila ba inihahambing ang pagkakagulo ng maraming Pilipino sa ngayon sa sumpa ng Diyos sa mga tao noong unang panahon na nagsumikap magtayo ng isang tore na aabot sa langit—yung tinatawag na Tower of Babel. Dahil sa galit ng Diyos sa mga taong nagpapakatayog sa kanilang mga sarili at nais ng pakialaman pati ang talino ng Diyos, hinayaan niya ang mga ito na magkagulo, mawala ang unawa, at mag-away-away.

Naging dahilan ito ng pagkawasak ng sambayanang iyon, at ang pagguho ng toreng kanilang ninais na itayo patungo sana sa langit. Sa pananaw ng mga matatandang Pilipino, tila ganitong pagkakagulo din ang nagaganap sa Pilipinas sa ngayon, lalo na sa hanay ng mga namumunong uri. Natatakot sila na ang pagkakagulo ng maraming sektor ng lipunang Pilipino sa ngayon ay magtatapos sa pagkawasak ng tuluyan ng bansang Pilipinas.

-ooo-

**PAGBABAGO DAPAT MAG-UMPISA SA TAO MUNA:** Naging bahagi din ng usapan namin ni Capt. Gaudencio Sunga ng Bgy. San Miguel, Mexico, Pampanga, ang paghahanap ng kalutasan sa ganitong mga suliranin ng bansa sa kasalukuyan.

At ako ay namangha na dumako ang aming usapan sa puntong natalakay sa aming usapan ng mga dumalo sa lamay noon ng aking ina—ang pagkakaroon ng pagbabago ng isang tao sa kanyang puso, isip, kaluluwa at espiritu, tungo sa pagkilala at pagpaparangal sa Diyos sa isip, salita, gawa at hitsura.

Nagkasundo kami ni Ginoong Sunga, gaya ng naging kasunduan namin ng mga dumalo sa lamay ng aking ina, na ang tunay na pagbabagong kailangan ng bayan ay hindi yung galing sa mga pulitiko o opisyal ng gobyerno, kundi ang pagbabago ng bawat Pilipino mismo, at ang pagbabagong dapat maganap sa kaniya ay ang kanyang pagkilala at pagpaparangal sa Diyos sa isip, salita, gawa, at hitsura. Doon pa lamang uunlad at mapapayapa ang bansa natin!

-ooo-

**PARA SA MGA TANONG, REAKSIYON:** Kung mayroon pong gustong magtanong sa akin sa mga bagay na tinalakay dito o sa ibang isyu, o magsangguni ng kanilang mga problema, anuman ang problemang iyon, tawag po kayo sa 09778059058, o mag-email sa batasmauricio@yahoo.com o mag-post sa www.facebook.com/attybatas. Promise, sasagot po agad ako. Salamat sa Diyos sa Ngalan Ni Jesus, Amen!

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0999-3050106

## Haba-pila

MAY mahigpit na direktibang ipinalabas si Pangulong Rodrigo Duterte para sa lahat ng sangay ng pamahalaan.

Nais ni Digong na ipagkaloob ang mabilis na serbisyo o ang pagkakaloob ng mga permit, clearance at iba pang dokumento na nilalakad at hinihiling ng publiko.

Kasama sa kautusan ng Pangulo maging ang mga Government-Owned and Controlled Corporations (GOCCs).

Malinaw ang direktiba ng Chief Executive na dapat sa loob ng labinlimang (15) araw ay matatapos ang ano mang papeles o dokumento na nirekwest ni Juan dela Cruz.

Last May 4 nang lagdaan ni Executive Secretary Salvador Medialdea Memorandum Circular No. 44 batay sa kapangyarihan ng Presidente.

Nakasaad nga sa kautusan na kapag isinumite ni Juan dela Cruz ang kanyang request paper at natatakan o natanggap na ito kailangang within 15 days ang tapos nito.

Ano po sa palagay ninyo, matutupad o mangyayari kaya ito?

Kung nakakapanood o nakakakinig kayo ng talumpati ni Duterte sa mga okasyonyong dinadaluhan ay kabilang sa kanyang binabanggit na dapat mabilis ang pagtugon ng mga frontline government agencies sa pangangailangan ni Juan dela Cruz.

Ang sabi ni Digong ay hindi niya nais nakikita ang maraming Juan dela Cruz na nahihirapan sa pagpila.

Tapos ay nagpapabalik-balik pa para roon sa inaayos na mga dokumento.

Napapag-usapan ang tungkol sa pagpila, dapat ay pasyalan ng ating pangulo ang ilang ahensiya ng gobyerno.

Nariyan ang Land Transportation Office, Social Security System, PAG-IBIG, Philhealth, Bureau of Internal Revenue at ilang pang government agencies.

Makakakita siya roon ng mga mahahabang pila na ilang oras ang ginugugol nina Juan dela Cruz.

Pagdating mo roon ay bibigyan ka ng numero sa front desk o ng security.

Halimbawang naibigay sa iyo ay Number 370 at magtatanong ka kung anong numero na ang ipinoproseso.

Sasagot sa iyo halimbawa ay nasa Number 230, bago makarating sa Number 370 ay swerteng hindi ka aabot o lalagpas ng tatlong oras.

Naririnig nga natin sa ating mga kababayan na nagtutungo sa mga naturang tanggapan na sana man lang ay matagal na iyong isang oras para sa processing o paghihintay.

Sana Mr. President, maging ang ilang ahensiyang nabanggit natin ay pag-ukulan ninyo rin ng atensiyon at aksiyon.

Iyan ay kung sadyang ayaw ninyo ng haba-pila at ayaw rin ninyong nahihirapan si Juan dela Cruz.

# EDITORYAL

## Mas maganda kung may katuparan




**TINIYAK ni Pangulong Rodrigo Duterte na sa panahon ng kanyang termino ay tataasan niya ang suweldo o sahod ng mga public school teachers.**

**Maging ang mga rank and file civilian government employees ay kasama rin sa umento.**

**Magandang balita hindi po ba subalit mas tunay na maganda kung magkakaroon ng katuparan.**

**Kaya naman ang apela ng ACT Teachers Party-list ay ipasama na ang pondo para sa pagtataas sa naturang sahod sa panukalang 2019 national budget.**

**Napapanahon naman na talaga upang iangat ang suweldo ng ating mga guro at iba pang kawani ng gobyerno.**

**Ang mga guro nga ang sinasabing pangalawang magulang ng ating mga anak.**

**Hindi lamang karunungan bagkus maging ang magandang pag-uugali ay kanilang itinuturo at hinuhubog sa mga mag-aaral.**

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

**ATTY. MELANIO 'BATAS" MAURICIO**
**ATTY. EUGENIO S. TUMULAK**
*Legal Counsel*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa 049 San Antonio 1, Noveleta, Cavite
Contact Nos. 0915-1328753/ 0999-3050106
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

*Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.* papi

# FREE ICT TRAINING PROGRAM OFFERED TO BACOOREÑOS

**BACOOR CITY, Cavite (PIA) — The City Government of Bacoor in coordination with the Department of Information and Communications Technology recently offered scholarship for the Rural Impact Sourcing (RIS) Technical Training to deserving and qualified constituents of the city.**

RIS is a project of the DICT that aims to help create and promote meaningful ICT-enabled jobs as a high value economic activity in rural communities that are not yet ready to host Information Technology – Business Process Management (IT-BPM) operations.

The training is for free. Prospective candidates must be Filipino citizens, 18 years old and above and computer literate.

Once qualified and accepted for the program, the candidate must sign a Letter of Acceptance and Scholarship Undertaking with underlying terms and conditions to ensure the completion and success of the program.

Earlier this year, the provincial government of Cavite also offered the scholarship grant to deserving students for a three-week face to face session and a 21-day online roll out that tackled several training modules. (Ruel Francisco, PIA-Cavite with reports from Bacoor Information Office.





**GOVERNOR BOYING REMULLA RECOGNIZES CAVITEÑO YOUTH ACHIEVERS:** Winners during the 2018 Palarong Pambansa who gave pride and honor to the province were awarded certificates of recognition and given incentives by Cavite Governor Boying Remulla during the flag raising ceremony of provincial capitol employees on May 7, 2018 at the provincial gymnasium in Trece Martires City. Governor Remulla also acknowledged Caviteño youth who participated and won in different competitions during the Regional Farm Youth Camp held on April 11-13, 2018 in Pililla, Rizal. In his message, the governor expressed his commitment to continuously support the education of the youth. Likewise, he took the opportunity to report the accomplishments of the province and ensured the maintenance of peace and order this coming 2018 barangay elections thru constant communication with the PNP. **(PICAD)**

## IRESPETO NATIN...

ni Jojo Demetilla



## BRGY.AT SK ELEKSYON NGAYON HWAG MAGKAMALI SA PAGPILI?

Kaya natin nababanggit ito sa totoo lang kilala natin ang mga tumatakbong kandidato sa ating mga brgy.kung saan tayo nakaregistrong brgy. Makailan beses na ba nating sasabihin at isulat na kapag nagkamali tayo sa pagpili o pagboto sa mga isinulat natin wala na tayong sisisihin kung hindi tayo mismo sa ating mga sarili ang nagkamali dahilan sa tayoy nauto o nagpadala sa mga pangako at matamis na salita na hindi pinagisipan ng mabuti o pinagaralan man lamang kung kualipikado ba o hindi.

Makikilala mo ang tunay na kulay ng kandidato kung kasama mo ito sa loob ng bahay pero kung hindi madaling husmusga kung sino talaga sila. Kaya nga para makasiguro nakakasalamuha mo ba ito o hindi nakikipag kapwa tao ba o hindi mo nasisilayan sa inyong lugar para makakasiguro tayo na karapat dapat nga siyang pagkatiwalaan ng isang sagradong boto natin o hindi.

Pag tayo nagkamali sa pagpili hindi na natin mababawi pagkat naisulat na natin sa balota ang pangalan nila magsisi man wala ng magagawa pagkat nasa balota na sila maghintay na lang muli sa susunod na eleksyon kung kalian magkaroon. Kilalaning maige kung sinong kandidato ang lumalapit sa inyo mahirap magtiwala ng basta basta na lamang lalo na kung wala kang preyeba na may nagawa na sa inyong lugar ng hindi pa ito kumakandidato.

Kamakailan lamang sinasabi ng usec. DILG Martin Dino na elifestyle check ang mga kandidato baka mamaya involved ito sa mga sindikato ng droga o protector ng mga katiwalian sa inyong mga lugar maniguro kung sino ito at hwag magtiwala bastabasta sa mga kandidato baka ito may mga sariling agenda sa buhay kung kayat naghahangad ito ng position para sa brgy upang magawa ang kanya itinatago.

Sa kabuuhan tayo tayo ang nakakilala sa mga tumatakbo sa mga kandidato sa brgy. kung sino sino sila kumo nabigyan kayo minsan sila na ang inyong pagkatiwalaan ng nagiisang buto ninyo alalahanin ninyo may pananagutan tayo sa kapwa tao hindi lang sa pansarili sa mata ng tao at sa mata ng diyos alam ito may tungkulin tayo na dapat magampanan ng mga kandidato ang obligasyon sa brgy lalot iisang lugar tayo.

Sa mga nakakilala o subok na sa kanikanilang brgy. ihalal muli at iwaksi na ang mga dati ng walang nagawa sa brgy ang mga may nagawa at pruweba tulad na lamang sa brgy. 12 2nd dist. Ng kalookan si Kapitan Fred Dacles inisip lagi ang kapakanan ng kapwa kabarangay kung paano ito matulungan at maiayos ang mga lugar sa brgy. Sa Brgy. Real Calamba City Laguna naman maaring pagkatiwaal din ang anak ni kgwd. Gloria Aviles na si Nelson Aviles nagusto ring manilbihan tulad ng kanya ina sa pagtatapos ng termino nito kasalukuyan.

Piliin ang karapat dapat wag magpauto sa mga kausap na tumatakbo maniguro sa sagradong nagiisang boto ito lang ang pagkakataon ninyo na ang mayaman at mahirap pantay pantay ipakita ang pruweba na minsan lamang natin magamit ang karapatan na ito tuwing may eleksyon. Be wise wag ibenta ang boto at wag magpadala sa ganda ng pangako maniguro dahil maraming kandidato na pansarili lamang ang intention nito.

Sa ating mga tagasubaybay ng dyariong hanep at ng programa natin sa dzrj 810 khz making sa oras ng 6 ng gabi hanggang alas 7 pm lunes hanggang byernes at magparticipate sa isyu na ating tinatalakay. Pls dial 8954460/8978374 o kayay mag send ng inyong mga mensaha sa cp no. 09154796581at akin at aming babasahin sa ere. Or email add. Jojodemetilla @yahoo.com. or watch youtube rj am Makati: fb; dzrj 810 am andsreamline www.ustreamtv/channel/dzrj 810am. Salamat.

# OLD IMUS CITY HOUSES FEATURED IN PHOTO CHALLENGE

**IMUS CITY, Cavite – This city officially rolls off its Wagayway Festival 'fever' with the launching on Monday of its "LUMAgram" photo challenge featuring the city's old and vintage houses.**

"LUMAgram" Project Focal Person and Tourism Chief Photographer Arnel Ilagan said the City Tourism project competition is open to professional and amateur photographers, including photo enthusiasts who could display their photography skills using mobile phone, tablet or camera in capturing the traditional houses.

Edgardo Saquilayan Jr. , city tourism head, said they initiated the project in a bid to conduct cultural mapping in the city reflecting on photography theme "Casa Imuseùa" to feature the city's old houses.

"*Meron din pong sinusulong na batas sa Sangguniang Panlungsod na me discount sa property tax ang mga historical houses* (There is also an initiative for the city legislative council to pass a city ordinance giving owners of these historical houses discounts in real property tax)," Ilagan added.

Contest participants may choose their subject house, and take their photos on their own as the local tourism did not set any photo session date and time, "we just need them to submit the photos on May 25.

All submitted entries must be the original work of the photographer, where only color enhancement and cropping is allowed and will undergo pre-qualifying round where only 20 entries will be posted for voting.

Judging Criteria includes social media impact (30%) where the no. of likes and shares will be measured, technical exposure and focus (35%) and artist's creativity and composition (35%).

Cash prizes are PHP10,000, PHP7,000 and PHP5,000 for the 1st, 2nd and 3rd place respectively; and PHP2,000 for consolation winners (7 winners).

For more details, interested participants may call or visit the city tourism office. ***(PNA)***

# Institute wants 'Integrated Nutrition Model' adopted in public schools

SILANG, Cavite – The International Institute for Rural Reconstruction (IIRR) has recommended the adoption of the Integrated Nutrition Model (INM) in the school feeding program, gardening and nutrition education in public schools to ensure the school children's health and nutrition.

IIRR Philippines Country Director Emilita Moville Oro, in a school forum held Tuesday, said the INM aims to scale up this integrated approach by capacitating program implementers with regular monitoring and technical assistance; allotting additional human resources; and building partnerships with local government units (LGUs) and other stakeholders.

Oro presented these recommendations after the sharing of research results and findings from program planners of Department Education (DepEd) and other organizations with nutrition and related interventions during the forum on "Improving Food and Nutrition Security in the Philippines through School Intervention" at the IIRR Y.C. James Yen Center here.

Project proponents to the nutrition research and interventions include the Departments of Social Welfare and Development (DSWD) and Agriculture (DA).

Oro said the INM builds on existing nutrition interventions of the DepEd with emphasis on sustainability and synergy of programs through a 28-month action research project which aims to fine tune the model.

INM covers three sentinel research schools in Cavite province, namely Julugan Elementary School (JES) in Tanza, Sunnybrooke ES (SBES) in General Trias City, and Tinabunan ES (TES) in Imus City.

The schools were selected for the rigorous data collection and further adaptation of the model, where the 120-day school feeding program resulted in a significant increase in the mean weight of student from baseline to endline.

The data collection also yielded results where the extended feeding program, through the additional 80 days, showed significant increase of weight among students during the research period.

Oro also presented specific recommendations for the school gardens, supplementary feeding, nutrition education programs which are the primary components of the INM to maximize the potential of schools as platforms to address food and nutrition challenges.

For the school garden, IRRI has recommended the institutionalization of a garden set of standards using the Bio-intensive School Garden or BIG approach by allocating at least 200 square meter of land area for the school garden.

The gardens will emphasize on climate-hardy and nutritionally relevant indigenous vegetables to provide fresh sources of vegetables for school feeding programs year-round.

Other inputs include the crop diversification for ensured food production all year, establishment of school crop museums – at least one per district and institutionalization of seed exchange events to maintain agro-biodiversity.

The IRRI has also recommended the utilization of school gardens as platform for learning and sharing among children and parents by formally integrating the use of garden as demonstration and laboratory for more subjects aside from EPP (Edukasyong Pantahan and Pangkabuhayan) and Science.

IIRR also recommended the early release of funds, at least on the 2nd week of June every school year to give the schools time to prepare the feeding centers and meet other needs for the school-based supplementary feeding program (SBFP).

Under the Supplementary Feeding program, the iron-fortified rice and indigenous vegetables from school gardens are used and recipes with indigenous vegetables are developed.

Due to significant increase in the mean weight of student from baseline to endline during the extended/longer feeding period, IIRR has recommended the extension of SBFP from 120 to 180 days and institutionalize the use of iron-fortified rice to help address prevalence of anemia among school children.

There is also a need to standardize the nutrition assessment procedure (SOP) from baseline to endline, and the utilization of indigenous vegetables from school garden, guided by the standardized indigenous vegetable recipes, as well as the establishment of referral system of SBFP recipients from the schools to the community.

For nutrition education, IIRR recommended the establishment of official partnerships between the DepEd and relevant agencies which develop and formulate nutrition materials.

Oro also urged DepEd program implementers to conduct nutrition education among parents during school activities such as Parents-Teachers Association/Council (PTA/PTC) meetings, and other participatory activities conducted for community members.

DepEd may also promote school garden as learning laboratory for children and community members, and the integration of the program in school platforms such as school based feeding programs and class lessons.

The IIRR recommendations also called for the issuance of legal mandate and implementing guidelines on nutrition education and that the implementation of the SBFP and Gulayan sa Paaralan Program should be integrated into Nutrition Education to sustain the adoption of better food and nutrition-related behavior among children, parents and guardians.

In 2012 to 2015, IIRR in collaboration with DepEd Division of Cavite and Food and Nutrition Research Institute of the Department of Science and Technology (FNRI-DOST) implemented the action research model to fine-tune, and test a multi-scalar approach to scale up the model in Philippines school system. *( PNA)*

# Cavite state U to host first province-wide ICT forum

INDANG, Cavite – Cavite State University (CvSU) will host the first-ever Information Communications Technology (ICT) forum, dubbed "Convergence 2018: Actions for Virtual Intelligence and Technology in Education" or CAVITE on June 28.

CvSU's Director for Public Information and Community Relations Office (PICRO) Allan Robert C. Solis said Monday that the summit to be held at CvSU-Indang Campus next month will promote rational use of technology to contribute to the program of Cavite for a " Smart and Digital Province".

Solis added the gathering of ICT experts and practitioners will help address concerns that access to information technology as a significant contributor to reshaping the academic and economic landscape and prepare learners for better employment in the future.


The one-day forum aims to explore technological developments in ICT in Cavite as well as identify new opportunities to speed up the pace of social and economic development in the academe and other sectors of society.

Solis said the participants will be familiarized on the ICT landscape of the province and its role in education; develop a link among the government, business, academe and industry that will generate opportunities for stronger tie-up towards digital world-class Cavite; plus generate employment for students and alumni in the on-site Job Fair.

Lectures for the Summit include topics such as Cavite as Digital Province: First Class, World Class; Cavite's ICT Landscape; Education in the Digital Age; and Industry 3.0.

The event, co-sponsored by the Provincial Government of Cavite, will draw participants from the academe, government agencies, Local Government Units (LGUs), industry players, telecommunication companies, students and general public.

Invited speakers will come from the Information Technology sector and Business Process Association of the Philippines , Department of Information and Communications Technology, LGUs, ICT practitioners, representatives from the academe such as Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), Commission on Higher Education and Department of Education. ***(PNA)***

Happy 2nd Anniversary to HANEP Congratulations!

from City of Dasmariñas Mayor Pidi Barzaga




# JOTA, MEDINA MAGKASALO SA KAMPEONATO

**TUMAPOS ng tig 6.5 puntos matapos ang pitong laro sina Lyceum of the Philippines University (LPU) Manila top gunner Jonathan Maca Jota at dating National University (NU) mainstay Vince Angelo Medina para magsalo sa unahang puwesto sa tinampukang 1st Hon. Marcelo Predilla Gayeta rapid chess tournament na may temang "Gilas chess camp" na ginanap sa Sariaya Sports Complex, Sariaya Quezon.**

Ayon kay Philippine Executive Chess Association (PECA) founding member Information Technology (IT) expert Joselito Cada na tubong Lucban, Quezon, ng ipinatupad ang tie break points, ay naibulsa ni Jota ang titulo, top prize P4,000 sa event na inorganisa ng Sariaya Chess Club kung saan nagsilbing punong abala si Sariaya Mayor Marcelo Predilla Gayeta na ang layuning ay makatuklas ng bagong talento sa grass roots level, ma promote na din ang turismo ng magandang lugar ng Sariaya, Quezon at pagkabuklod buklod ng mga chess player partikular na mula sa Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon at highly urbanized city ng Lucena (Calabarzon) area.

Naiuwi naman ni Medina ang runner-up purse P2,500 dahil sa kanyang effort Seven-Round Swiss System 25 minutes time control format. Hindi naman nagpahuli ang ipinagmamalaki ng Mulanay, Quezon na si Reymond Jay Ompod ng Dela Salle Lipa sa paglikom ng 6.0 puntos tungo sa P1,000 para sa 3rd place cash prize.

Nakamit naman ni Don Tyrone "Turon" Delos Santos na dating pambato ng Arellano University ang P700 para sa 4th place finish na may naipong 5.0 puntos, ang iskor na naitala din ni Jason Par tungo sa 5th place finish para sa P500.

May tig P300 naman ang naibulsa ng mga manlalaro na nakapasok sa top 10 na kinabibilangan nina 6th place Rafael Dionisio (5 pts.), 7th place Gary Legaspi (5 pts.), 8th place Joland Abaricia (5 pts.), 9th place Dindo Ormasa (5 pts.) at 10th place Riggz Padernal (4.5 pts.).

May natangap naman na tig P500 ang mga category winners na sina Alexis Anne Osena ( Top Lady),Dennis Norbe (Top Sariaya), Pantaleon Valencia (Top Senior ) at Mark Anthony Palo (Top Junior) **Marlon Bernardino**

# Sydney Paez Handa na sa 19th AAGCC

HANDANG handa na si Philippine chess wizard Alexandra Sydney Paez sa nalalapit na International Chess Tournament. Si Alexandra Sydney, ang Cabuyao at Calamba Junior Girl Champion na top player ni Mayor Atty. Rommel "Mel" A. Gecolea ang kakatawan sa bansa sa chess event sa 19th Asean Age Group Chess Championship na gaganapin sa The Royal Mandaya Hotel sa Davao City mula Hunyo 18 hanggang 28, 2018.

Nakatutok ang bansa sa pagdedepnsa sa overall crown kung saan nagwagi tayo ng 83 golds, 37 silvers, at 29 bronzes sa last year's event sa Pahang, Malaysia. Inaasahan ang 500 chess players mula 10 countries ang lalahok sa 14 age-group divisions sa juniors division, at dalawa sa seniors division.

Ang incoming Grade 9 student ng Colegio de San Juan de Letran-Calamba ay naka iskeydyul din na lumahok sa 2018 Asian Universities Chess Championship sa Mayo 26 hanggang Hunyo 2, 2018 na gaganapin sa Tagaytay International Convention Center (TICC) sa Tagaytay City.

Ang 13-year-old Alexandra Sydney, anak ni Philippine Executive Chess Association (PECA) Public Relation Officer (PRO) Dr. Alfred Paez ang two-time Champion ng presitigious Golden Mind Under 14 Kiddie Chess Tournament sa Lipa City, Batangas, Gold Medalist sa high school girls division ng NCAA South at nag second over-all sa 2018 National Age-Group Chess Championships (Visayas Leg) na ginanap sa City Mall, Kalibo, Aklan nitong Enero 27-28, 2018.

Nasilayan din siyang kumatawan sa bansa sa 2017 East Asian Chess Championship sa Tagaytay.

Isa din sa pinaghahadaan ni Alexandra Sydney ang paglahok sa tough World Youth Chess Championships 2018 na gaganapin sa Porto Carras, Halkidiki, Greece sa Northern coast ng Aegean Sea mula Oktubre 19 hanggang 31, 2018. **(Marlon Bernardino)**



**PKF 1987** - TINALAKAY ni PKF Inc. 1987 National President Jose D. Manansala ang ilang mahahalagay detalye patungkol sa kanilang samahan na ipinaglalabahan ng bumasita sa linggu-hang PSA Forum sa Tapa King Restaurant Cubao Quezon City.kasama si Sec General. Nestor Asido **(RGN)**



**UAAP RECOGNATION OF CERTIFACATE** - KASAMA ng bagong IM Internaitonal Master John Marvin Miciano ang kanyang mga magulang matapos mapagkalooban ng Certification bilang Most Valuable Player ng UAAP Season 80 sa ginanap na awarding ceremony sa Smart Araneta Coliseum. **(RGN)**

Congratulations and More Power to HANEP 2nd Anniversary



DANNY ESPIRITU
PBA Player Agent

# 2018 WORLD SLASHER CUP PATOK ANG TEAM EXCELLENCE

**ISA lamang ang nasa isipan ng Team Excellence na muli na naman magpapakitang gilas sa pagtulak ng tinaguriang "Olympics of Cockfighting," sa pagtilaok ng "2018 World Slasher Cup Invitational 9-Cock Derby 2" sa Smart Araneta Coliseum.**

Nangibabaw sa unang edisyon nitong Enero, liyamado ang Team Excellence na rerendahan ni Doc Ayong Lorenzo kasama na dito ang dalawang runner – up finishes nitong Enero.

Kamakailan lang ay (panalo –talo) kartada ang Firebird 2 ni Excellence national endorser Biboy Enriquez at RC Warriors Chris Purple nina Pit Games Media president Manny Berbano, Rey Canedo at Cris Sioson.

Kinapos lamang sila ng kalahating puntos, dahil ang solo champ ay umiskor ng 8.5 puntos.

Ang host ng derby ang Pintakasi of Champions.

Dadalo ang mga local at foreign participants sa WSC 2 sa Novotel Hotelo sa Cubao, Quezon City. Magpapasigla sa okasyon ang mga reyna mula sa Binibining Pilipinas.

Para sa patron at box tickets, bisitahin lamang ang Ticketnet box office sa Araneta Coliseum Circle o tumawag sa 911-5555 **(Anthony Bernardino)**




**COCK FIGHTING** - NAGHARAP para sa Cockfighting Event ng 2018 World Slasher Cup 2 sina Boy Marzo at Dicky Lim kasama ang mga naggagandahang Bb. Pilipinas Globe Michele Gumabao, Bb. Pilpinas Supranational Jehza Huear, Bb. Pilipinas International Ahtisa Manalo at Miss Universe Philippines Catriona Gray na ginanap sa Novotel.**(RGN)**



**PBF INDUCTION OF OFFICER** - PINANGUNAHAN ng panunumpa ni POC President Victorico Vargas ang mga opisyales ng PBF Philippine Bowling Federation na sila PBF President Steve E. Robles, PBF Philippine Bowling Federation Secretary General Olivia "Bong" G. Coo at Paeng Nepomuceno kaalinsabay ng opening ceremony ng PBF 2nd Philippine International Open Tenpin Bowling Championships ginanap sa Coronado Lanes, Starmall Edsa, Mandaluyong City.**( RGN )**



**PSC CHAIRMAN** - PINALILIWANAG ni PSC Chairman William "Butch" Ramirez ang magiging kahalagahan ng United State Sports Academy sa PSC maging ang nalalapit na PNG Philippine National Games 2018 na magaganap sa Cebu ngayong Mayo. kung saan ay dadalaluhan ng Pangulong DU30 ang ng POC President Victorico Vargas at iba pang kilalang opisyal, kasama sa larawan sa ginanap na pagpupulong na sa PSC Board room sila PSC Director of Operation Dr. Sergio Opena , Philippine Sports Institute deputy training director Prof. Henry Daut, an gang tatlong PSC Commissioner. Charles Maxey , Arnold Agustin at Ramon Fernandez. **(RGN)**

## BUHAY-KARERA

MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com



## "PHILTOBO GINTONG LAHI GRADUATE STAKES RACE"

Matagumpay na idinaos ang "PHILTOBO Gintong Lahi Graduate Stakes Race" noong nakaraan sa karerahan ng San Lazaro sa Carmona, Cavite. Ang nasabing tampok na pakarera ay pinangunahan ng kabayong si Box Office na pinatnubayan ng hineteng si Kelvin Abobo. Sa alisan ay agarang pinaarangkada ni Kelvin ang sakay niya kontra sa nauna sa lundagan na si Exaggeration ni Deo Fernandez at ang nasa gitna nilang si Sumilon Island ni Mark Alvarez. Sa unang likuan ay bumandera na sina Kelvin kasunod ang nasa gawing labas na si Sumilon Island at sabay singit na rin sa loob si Pati Dilema lulan ng kabayong si Wonderland. Sa medya milya (800 meters) ay may isang kabayong agwat si Box Office sa nasa loob na si Wonderland at nasa pangatlong posisyon na si Victorious Colt ni Jesse Guce. Pagpasok sa ultimo kuwartos ng bakbakan ay nanatiling halos nasa dalawang kabayong kalamangan pa rin si Box Office sa kasunod na dikitan lang na sina Wonderland at Victorious Colt. Pagsungaw sa rektahan, nung hingan na ni Kelvin at bibohan ay biglaan pang lumayo si Box Office kasunod si Victorious Colt hanggang sa makarating sa linya na marami pang ibubuga. Para sa kumpletong datingan mula sa tersero ay sina Wonderland, Congressional, Tapster, Exaggeration at Sumilon Island. Naorasan ang tampok na pakarerang iyan ng 1:41.0 (24'-24'-25'-27') para sa distansiyang 1,600 meters na takbuhan. Makakatanggap ang horse owner ng halagang P1.2M bilang guaranteed prize na magmumula sa tanggapan ng Philippine Racing Commission (PHILRACOM), Manila Jockey Club, Inc. (MJCI) at sa samahan ng Philippine Thoroughbred Owners and Breeders Organization (PHILTOBO)



**PBA COLUMBIA VS ROS** - HINDI maka agaw ng bola si Rey Nambatac ng Rain or Shine ng itago ni Columbia Dyip point guard Roldan Sara na ilan lamang sa kanilang tagpo sa pagpapatuloy ng 2018 PBA Commissioners Cup sa Mall of Asia Arena, Pasay City. Tinalo ng Dyip ang Elasto paint. **(RGN)**

## HANEP SHOWBIZ

# LOVI POE, MAKAKAHABOL PA KAYA?

**NASA panahon pa rin tayo ng summer, meaning to say gala pa more.**

Bakasyon dito, bakasyon doon kaya nga ang question ay makakahabol pa kaya si Lovi Poe?

Makakahabol sa presensiya ng pagbabakasyon since summer nga sa ngayon?

Knowing na yearly ay nagbabakasyon naman talaga ang aktres.

Anyway kahit naman hindi summer time ay lahat tayo ay puwedeng ma-enjoy ang pagbabakasyon.

Taun-taon ay lumilipad ang aktres sa Europa para ma-feel naman ang bakasyon o ang rest.

The question again, makakahabol kaya si Lovi ng bakasyon kahit sa Europe within this year?

Sabagay ay papatapos naman na ang 'The One That Got Away' na kabilang si Lovi sa mga star.

Speaking of bakasyon, mukhang itong si Sarah Geronimo ay need talaga ito.

Concert pa more, kaliwa't kanan kaya siguro naman ay deserving din ng bakasyon o pahinga ng ating mahusay na singer.

Iyong last Las Vegas concert ni Sarah kahit paano ay tunay na hinangaan siya at nagtayuan pa habang sige sa pagpalakpak.

Nakakaloka nga lamang, pati iyong 'iyakan blues' ay pinagpistahan pa.

Hindi biro ang dinaanang pagod ni Sarah dagdag pa ang mga pagpupuyat.

Magkakahalo na kumbaga kaya hindi maiiwasan ang magkaroon ng ganoong reaksiyon mula sa kanya.

Ang isa sa marahil sa magandang gawin ni Sarah ay bakasyon o pahinga.

Kahit saglit lamang para hindi lang ang pisikal na katawan kundi pati ang isipan ay magkaroon ng relaxation.

Sa nangyaring isyung iyakan ay nadawit din ang isa pang singer na si Angeline Quinto.

Maging ang isa pang mang-aawit na si Morisette Amon ay nadawit din.

Galit ang mga fans ni Sarah dahil tinawag daw ang kanilang idolo na 'pabebe' sa isyung crying.

Bumuhos ang pagbabanta kay Angeline mula sa social media because of pangungutya niya kay Sarah.

Pero mariin namang itinanggi ni Angeline ang akusasyon kaya nga lamang ay hindi siya tinatantanan ng Sarah fans.

Kaya naman nagtungo si Angeline sa Anti-Cybercrime Group ng Philippine National Police sa Camp Crame, Quezon City.

Nagpagawa siya ng kanyang police blotter kaugnay ng mga death threats na natatanggap niya.



## Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

### (ika- 64 labas)

DUMATING na si Lyka sa lugar na napag-usapan nilang pagkikitaan ni Kardo.

Pero wala roon si Kardo gayunpaman ay hindi nababahala si Lyka.

Tinawag ni Lyka ang waiter para maka-order muna ng coffee habang naghihintay.

Hawak ni Lyka ang kanyang cellphone subalit hindi siya nagtetext o tumatawag kay kapitan.

Nililibang lamang ni Lyka ang sarili sa paggamit ng cellphone habang nagkakape.

"Hi, remember me? Kumusta na, naaalala o nakikilala mo pa ba ako?"

Sarap ng paghigop ng kape nang biglang may isang lalaki na bumati kay Lyka.

"Mukhang may hinihintay ka, husband mo ba? Pwede ba akong maki-share sa table mo?"

Pilit na minumukhaan ni Lyka ang lalaki subalit tila nahihirapan siyang alalahanin.

"Mukhang 'di mo na ako natatandaan, anyway same campus tayo during high school days."

Binanggit ng lalaki ang eskuwelahan at may sinabi na baka makapagpaalala kay Lyka.

"Ah oo naalala ko na, ikaw nga pala 'yung nagtanggol sa akin 'nung may nambastos sa akin sa loob pa mismo ng school."

Dahil natandaan na ni Lyka kaya nagpahintulot na siya na paupuin ang lalaki.

Ang cellphone na hawak ni Lyka ay inilagay niya sa kanyang handbag habang nakikipagkuwentuhan sa dating schoolmate.

"Hay naku, 'di successful ang married life ko kasi hiwalay na ako."

"Iyon bang parang tinikman lang at inanakan pagkatapos ay fly away na ang magaling na lalaking 'yun."

Napapasarap ang kuwentuhan ng dalawa lalo at medyo throw back ang kanilang topic.

"Pasensya na ha."

(Itutuloy)

## MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

### (ika-63 labas)

"ALAM kong ito dapat ang pinakahihintay na araw ni auntie, ang resulta ng bar exam."

Ayaw magkomento nina Bert at Jerome basta tungkol kay Aling Tita.

Kaya naman hinahayaan ng dalawa na mismong sa bibig manggaling ni Dagul ang kung ano man ang sasabihin.

"Para sa iyo ito auntie, gagawin ko ang lahat upang magkaroon ng kalinawan ang tunay na pangyayari."

Talagang hindi inilalalagay ni Dagul sa kanyang isipan at puso na wala na si Aling Tita o patay na ito.

Bago muling magsalu-salo ay nagpunta muna sila sa isang simbahan upang magpasalamat sa pagkakapasa ni Dagul sa bar exam.

"Ano ang unang plano mo Kuya Dagul ngayong isa ka nang ganap na abogado."

Habang kumakain ay naisipan ni Maribeth na mag-usisa kay Dagul.

"Basta ako pinangarap kong maging isang abogado hindi upang magpayaman o kumita ng malaking halaga."

"Kakampi ko ang mga mahihirap at ako ay magiging mananggol para sa kanila."

Biglang sumagi sa isipan ni Dagul ang isa sa mga dating kasamahan niya sa palengke.

Natatandaan ni Dagul na ang isang dating kapwa niya kargador ay nagkaroon ng problema.

"Ikaw na ba 'yan ha Dagul? Ibang-iba ka na ngayon ah, ang laki ng ipinagbago mo."

Kaya naman nang magkaroon ng pagkakataon ay nagtungo si Dagul sa palengkeng kanyang dating pinagtatrabahuhan.

Marami ng bagong kargador at ilan na lamang ang natira o dati niyang kasamahan.

Wala na roon ang hinahanap ni Dagul na kargador na plano sana niyang matulungan.

Muli na namang nalungkot si Dagul dahil sa palengke na iyon nagana pang pagpatay sa kanyang tatay na isa ring kargador noon.

"Abogado ka na pala, binabati ka namin. Sabi naman namin sa iyo dati 'di ba na mapapabuti ka roon sa babaing nagampon sa iyo at sa mga kapatid mo."

Si Aling Tita ang tinutukoy nila kaya mas nadagdagan ang kalungkutan ni Dagul.

(Sundan)


## CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St. corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/ 0918-6174067**



# MASAYANG TAGPO SA IKA-2 ANIBERSARYO NG 'HANEP' SA TATA VER'S FAMILY KTV

(Mga kuha ni RGN at teksto ni MB)




Bukod sa pasasalamat ay humiling sa mga bisita si HANEP publisher Romy Santos ng panalangin para sa ikatatagumpay pa ng pahayagan.



Pinangunahan naman ni Engr. Pastor ang panimulang pagdarasal.



Sa halip na si HANEP photojournalist Christian Heramis ang magsasalita ay ang kanyang Kuya Crismon, ng Remate, ang umakyat sa stage.




Sarap ng pagkakatawa ni Broadcaster Jojo Demetilla na advertising manager din ng HANEP bilang emcee ng okasyon sa kanyang talumpati.



Si Rudy Bonifacio na pinangunahan ang Pambansang Awit.



Munting salu-salo, kainan na!






Tagpas ang leeg ng lechon kay Mr. Publisher.



Pinagitnaan si Mr. Publisher nina Mios Kie Esguerra (kaliwa) at Birthday Boy Nano.



Ang lantik ng mga daliri ni Leonard Basillo sa pagkuha ng lechon.

# CROSSWORD

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | ■ | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| 11 | | | | | ■ | 12 | | | | |
| 13 | | | | | ■ | 14 | | | | |
| 15 | | | ■ | 16 | 17 | | ■ | 18 | | |
| 19 | | | 20 | ■ | | ■ | 21 | | | |
| ■ | ■ | ■ | 22 | | | | | ■ | ■ | ■ |
| 23 | 24 | 25 | | ■ | | ■ | 26 | 27 | 28 | 29 |
| 30 | | | ■ | 31 | | 32 | ■ | 33 | | |
| 34 | | | 35 | | ■ | 36 | 37 | | | |
| 38 | | | | | ■ | 39 | | | | |
| 40 | | | | | ■ | 41 | | | | |

**PAHALANG**
1 Pera para sa mga binili
6 May baril at batuta
11 Asungot sa may ginagawa
12 Sira ng kamote
13 Lasap
14 Katutubo
15 Alyas
16 Barkilyos
18 Aliwalas
19 Maliit na ilog
21 Pikon
22 Istrado
23 Partner ng martilyo
26 Uri ng pansit
30 Dumi sa bigas
31 Panalig
33 Tit for ___
34 Color
36 Sapantaha
38 Iluto sa tubig
39 Kinukunan ng gata
40 Aninag mula sa malayo
41 Ilagay sa tasa

**PABABA**
1 Dapat sundin ng mamamayan
2 Kahawig ng puno ng saging
3 Ginagawa ng magkasintahan
4 Animo
5 Ramdam
6 Pintas
7 Bahagi ng katawan
8 Puwersa
9 Loob ng bayan
10 Ukol sa araw
17 Sirang pagkain
20 Labi ng sunog
21 Automated Teller Machine
23 Sarado ang mata
24 Sawata
25 Lutuan
27 Ipusta
28 Bawas
29 Lunday ng itak
31 Tanggi
32 Gagapas
35 Asawa ni Charlene
37 __ Kat

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | ■ | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| 11 | | | | | ■ | 12 | | | | |
| 13 | | | | | ■ | 14 | | | | |
| ■ | 15 | | | | 16 | | ■ | 17 | | |
| 18 | ■ | 19 | | | | ■ | ■ | 20 | | |
| 21 | 22 | ■ | 23 | | | 24 | 25 | ■ | 26 | |
| 27 | | 28 | ■ | ■ | 29 | | | 30 | ■ | |
| 31 | | | ■ | 32 | | | | | 33 | ■ |
| 34 | | | 35 | | ■ | 36 | | | | 37 |
| 38 | | | | | ■ | 39 | | | | |
| 40 | | | | | ■ | 41 | | | | |

**PAHALANG**
1 Uri ng telang tinda ng muslim
6 Mabilis na pagtakas
11 Ayusin ang tono ng gitara
12 Katulong sa hirap at ginhawa
13 Petrolyo sa kalan
14 Pilipit sa leeg
15 Sandaling nakaraan
17 Solo
19 Liyabe
20 Tunog ng sampal
21 __47
23 Tagpi
26 Negative na sagot
27 Card sa cellphone
29 Ugali
31 Minsan pa
32 Dating DILG Secretary na Rafael
34 Pananakit ng sikmura
36 Sikip
38 Boy o Joel
39 Larong kompyuter

**PABABA**
1 Dala ng mga estudyante
2 Pagsayad ng paa sa lupa
3 Babaing ubod ng puti
4 Diniretso
5 Hindi kanan
6 Bugbog
7 Hayop na sungayan
8 Sama sa sulat
9 Kunin sa sweldo
10 Sumbrero sa bukid
16 Bansa sa Asia
18 Magkasing katawan
22 Tanyag
24 Panimplang matamis
25 Uri ng punong kahoy
28 Syudad sa Italy
30 baba
32 Halimuyak
33 Pangalan ng probinsyana
35 Ina ni Maria
37 Ayos ng buhok



**Sagot sa nakaraan:**

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| D | A | L | A | W | A | ■ | A | H | I | T |
| I | D | I | L | A | T | ■ | L | A | H | I |
| L | A | W | ■ | L | A | R | A | W | A | N |
| A | N | A | ■ | A | K | A | ■ | ■ | N | U |
| ■ | ■ | N | O | ■ | E | ■ | A | K | A | P |
| T | S | A | P | A | ■ | O | Y | A | Y | I |
| S | A | G | O | ■ | I | ■ | A | L | ■ | ■ |
| U | L | ■ | ■ | A | S | O | ■ | I | P | A |
| P | U | L | U | T | A | N | ■ | K | A | W |
| E | D | E | N | ■ | P | I | L | O | T | O |
| R | O | S | A | ■ | I | N | U | T | I | L |

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| ■ | B | A | G | A | ■ | B | A | O | N | ■ |
| M | ■ | B | A | L | D | A | D | O | ■ | A |
| A | M | ■ | P | I | A | N | O | ■ | I | T |
| S | A | P | I | A | N | ■ | N | I | L | O |
| K | A | L | ■ | S | ■ | B | I | T | A | Y |
| ■ | L | A | S | ■ | ■ | ■ | S | A | N | ■ |
| G | A | S | U | L | ■ | B | ■ | L | T | O |
| A | L | A | M | ■ | A | R | A | Y | A | T |
| Y | A | ■ | A | G | H | A | M | ■ | D | A |
| A | ■ | A | L | M | A | S | E | N | ■ | P |
| ■ | A | S | I | A | ■ | O | N | I | N | ■ |

# WORD SEARCH

CAMELLIA
CEDAR
CONES
CYPRESS
GREEN
HOLLY
JUNIFER
LARCH
LAUREL
LEAVES
PINE
SEASONS

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| J | K | C | O | L | P | M | E | H | E | T | N | S | M | W |
| A | B | E | A | R | C | L | E | A | V | E | S | F | I | N |
| L | A | A | A | O | C | O | C | S | K | N | I | R | I | O |
| E | R | N | N | I | N | A | S | L | S | I | K | L | C | R |
| Y | G | E | E | K | S | E | M | E | I | P | O | L | O | D |
| V | S | R | E | E | R | R | A | E | N | M | I | C | N | N |
| E | L | E | L | P | D | S | E | R | L | S | B | H | I | E |
| S | A | G | Y | A | O | L | E | P | L | L | O | N | F | D |
| L | R | C | R | N | I | B | E | E | I | L | I | R | E | O |
| E | C | L | S | E | E | O | R | S | L | N | A | A | R | D |
| L | H | R | L | W | E | U | U | Y | S | D | U | I | O | O |
| I | I | C | I | I | A | N | E | Q | E | L | R | J | U | H |
| M | P | O | R | L | M | L | Y | C | E | A | B | P | S | R |
| S | A | R | E | D | W | O | O | D | H | S | U | R | U | O |
| N | S | U | W | R | I | T | E | P | E | C | U | R | P | S |

BUTTON
DESERT
EGGS
FANGS
HATCH
JAW
PIT
RATTLE
REPTILE
SNAKE
SOUND
STRIKE

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | I | D | E | W | I | N | D | E | R | H | T | M | P | D |
| T | F | P | I | S | S | E | H | C | T | A | H | U | Y | C |
| O | S | R | A | G | N | O | N | R | J | G | G | T | G | M |
| A | G | P | G | S | R | A | U | I | T | A | R | P | M | F |
| E | D | E | B | N | U | E | K | W | N | I | L | S | Y | J |
| K | F | O | E | U | L | O | D | E | S | A | H | F | P | T |
| I | S | D | E | T | T | E | N | E | N | E | I | R | N | S |
| R | E | O | T | L | S | T | I | O | D | E | E | D | I | T |
| T | R | A | U | L | I | C | O | S | S | I | O | A | C | R |
| S | R | U | I | N | E | T | S | N | R | I | D | S | S | E |
| P | O | P | M | P | D | K | P | I | D | S | O | G | R | S |
| E | I | I | S | O | I | E | A | E | T | B | N | P | N | E |
| W | T | T | C | N | T | R | R | N | R | A | E | U | J | D |
| Q | S | E | C | I | P | Q | U | F | F | O | I | A | P | M |
| D | I | A | M | O | N | D | B | A | C | K | W | I | K | A |

**Sagot sa nakaraan:**

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| V | I | A | D | D | I | T | I | O | N | C | F | D | C | K |
| T | I | N | G | R | E | A | S | E | R | R | U | N | P | T |
| C | R | T | A | E | N | I | S | E | A | C | R | B | N | C |
| U | C | N | T | S | O | S | X | C | I | T | M | D | E | A |
| D | D | A | I | N | E | M | T | Y | L | N | E | T | S | R |
| O | I | E | L | L | O | I | E | E | A | C | A | P | T | T |
| R | V | I | O | C | O | I | T | T | I | Y | N | A | I | B |
| P | I | R | D | N | U | U | T | M | R | O | T | S | M | U |
| E | D | T | T | E | P | L | A | A | R | Y | R | I | A | S |
| W | E | I | U | M | R | L | A | I | U | O | T | E | T | R |
| G | I | L | O | G | S | A | D | T | O | O | S | S | E | O |
| U | F | C | O | B | U | T | U | T | E | G | E | A | E | W |
| S | R | X | R | G | L | M | S | O | N | M | E | D | R | X |
| F | Y | A | C | B | I | O | N | E | S | R | P | M | A | X |
| M | O | O | R | H | S | Y | M | N | A | L | L | W | S | E |

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| J | C | A | E | S | V | O | S | T | A | M | E | N | S | C |
| E | K | M | R | O | C | P | T | A | C | H | D | R | G | O |
| R | P | I | O | T | S | P | C | S | N | A | A | O | I | R |
| A | I | F | V | I | I | E | T | R | M | T | E | N | T | O |
| N | S | M | I | E | M | C | P | P | E | O | H | U | S | L |
| L | T | O | I | L | A | N | E | A | E | E | B | E | T | L |
| I | I | Y | T | R | A | T | E | H | L | E | L | H | R | A |
| R | L | A | B | D | A | M | T | M | R | P | U | C | N | D |
| D | Y | S | E | L | G | A | E | O | O | O | O | D | K | I |
| N | H | L | M | O | P | A | L | N | L | Z | E | S | Y | S |
| E | M | B | M | S | R | H | L | E | T | B | I | S | R | K |
| T | M | G | U | Y | S | T | E | M | O | M | P | H | E | P |
| L | D | N | N | L | M | E | T | L | I | U | P | E | R | P |
| T | R | I | B | O | B | B | E | T | R | R | A | L | A | J |
| G | Y | R | O | I | T | C | A | P | E | Y | A | C | E | D |

# SUDOKU

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 8 | | 6 | 7 | | | 9 | 1 | |
| | | | | | | | | |
| | | 7 | 6 | | 3 | 5 | | 8 |
| 5 | | | 2 | | | | | |
| 9 | | | | | 4 | | | |
| | 2 | | | | | 8 | | 5 |
| 6 | | | | | 8 | | | |
| | | 3 | | | 6 | | | |
| | | | | 4 | | 7 | 9 | |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | 8 | |
| 5 | | | | | 4 | 6 | | 9 |
| | 2 | | | 3 | 5 | | | |
| 4 | 5 | | | 2 | | | | 1 |
| | | | | 5 | 3 | 8 | | |
| | | 1 | | | | | | |
| | | 3 | | 6 | 9 | | 4 | |
| | | 9 | | | 7 | | | |
| | | | | 4 | | | 6 | |

**Sagot sa nakaraan:**

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 5 | 1 | 4 | 6 | 7 | 9 | 3 | 2 | 8 |
| 8 | 9 | 3 | 1 | 4 | 2 | 7 | 6 | 5 |
| 6 | 2 | 7 | 8 | 5 | 3 | 4 | 9 | 1 |
| 2 | 7 | 6 | 3 | 9 | 8 | 5 | 1 | 4 |
| 4 | 3 | 1 | 7 | 2 | 5 | 6 | 8 | 9 |
| 9 | 5 | 8 | 4 | 6 | 1 | 2 | 3 | 7 |
| 7 | 4 | 2 | 9 | 1 | 6 | 8 | 5 | 3 |
| 3 | 6 | 9 | 5 | 8 | 7 | 1 | 4 | 2 |
| 1 | 8 | 5 | 2 | 3 | 4 | 9 | 7 | 6 |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 6 | 4 | 5 | 2 | 9 | 3 | 1 | 7 | 8 |
| 2 | 1 | 8 | 5 | 7 | 6 | 4 | 3 | 9 |
| 7 | 3 | 9 | 4 | 8 | 1 | 5 | 6 | 2 |
| 4 | 8 | 1 | 3 | 6 | 2 | 9 | 5 | 7 |
| 5 | 9 | 6 | 7 | 1 | 8 | 3 | 2 | 4 |
| 3 | 2 | 7 | 9 | 4 | 5 | 8 | 1 | 6 |
| 9 | 7 | 2 | 1 | 3 | 4 | 6 | 8 | 5 |
| 1 | 6 | 4 | 8 | 5 | 7 | 2 | 9 | 3 |
| 8 | 5 | 3 | 6 | 2 | 9 | 7 | 4 | 1 |

# DOH DONATES 49 AMUBALANCES AND 2 DENTAL BUSES TO CALABARZON

**Department of Health (DOH) – CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) Regional Director Eduardo C. Janairo turned-over 3 out of 49 land ambulances and one of two dental buses to the municipalities of Binan in Laguna, Lobo and San Luis in Batangas; and Padre Burgos in Quezon.**

"My only request to the local executives and recipients of these units is to manage them effectively, take good care of them and use them as intended, an emergency medical transport for patients needing immediate treatment and care," Director Janairo stated during the turn-over ceremony held at the Quirino Memorial Medical Center Grounds, in Quezon City.

"Let us not forget that these units were given to provide prompt basic and advanced life support services for patients in rural areas 24/7," he added.

Among the recipients of the ambulances and includes the Provincial Government of Batangas (1 dental bus), municipalities of Lobo, San Luis and Mabini in Batangas; Barangay Dolores in Taytay, Rizal, Antipolo City, and barangays Muntindilaw, Beverly Hills, Mambugan, San Isidro and Mayamot in Antipolo; Lone Distric of Binan (1 dental bus) and Pagsanjan LGU in Laguna; ' municipalities of Agdangan, Buenavista, Catanauan, General Luna, Macalelon, Mulanay, Padre Burgos, Pitogo, San Andres, San Francisco, San Narciso and Unsan in Quezon; (3) three units to Cainta Municipal Hospital; (3) three units to Taytay Emergency Hospital; (2) two units to Rizal Provincial Hospital System in Angono; and (2) units to Rizal Provincial Hospital System Margarito A. Duavit Hospital in Binangonan.



Pinangunahan ni DOH Calabarzon Regional Director Eduardo C. Janairo ang pag-endorso ng 49 na ambulansiya na ipinagkaloob kay Mayor Roger A. Panganiban ng Padre Burgos ng Quezon Province. Ginanap ang seremonya sa compound ng Quirino Memorial Medical Center (QMMC) Proj-4 Quezon City kamakailan. **BOY NAMORA**

According to Janairo, of the 49 units, 36 were already allocated and the additional 13 are still to be distributed to eligible local government units.

The donated land ambulances is an Asian Utility Vehicle (AUV) Type with an MPV of 2.5 Liters Diesel, 4 cylinder, 16 valves, dual overhead camshaft (DOHC), variable nozzle turbo (VNT) with front mounted intercooler and fuel injection with common rail fuel system and fitted with necessary medical equipment such as BP apparatus, first aid kit, oxygen tank, oxygen tank regulator, minor surgical set, manual resuscitator, stethoscope, automatic external defibrillator, fire extinguisher and a led flashlight.

The dental bus is furnished with two dental chairs, dental bed, a basin (complete with faucet setup), and compartments for medical equipment and medicines, dental tools and power inverter that will enable it to operate in powerless communities.

Janairo added that DOH has allocated of Php80 million for the procurement of the medical transports under the Health Facilities Enhancement Program (HFEP) which aims for the improvement of health facilities and special service delivery units in the rural areas.

"This emergency units will attend to emergencies, disaster and rescue operations in the rural communities, especially those in remote barangays and with these units in placed, we can lessen impediments in health care delivery," Director Janairo concluded.



MABAHO at siksikan? Ito ang hinaing ng mga bilanggo sa selda ng Station 4 Balic-Balic Maynila. Ang iba ay nagkakasakit na dahil sa sobrang init ng panahon. **BOY NAMORA**

Congratulations to HANEP 2nd anniversary Mabuhay po!

**P/Supt. Arnold Ibay**
Station Commander
Manila Police District
Station-3

Isang pagbati at pagpupugay sa pamunuan at bumubuo ng HANEP Publication para sa ikalawang anibersaryo. Pagsaludo sa inyong patas na pamamahayag.

**P/Supt. Jackson Tuliao**
Chief, MASA
City Hall of Manila

Taus-pusong pagbati sa staff ng HANEP para sa 2nd Anniversary. More power!

**P/Supt. Jay Dimaandal**
Station Commander
Manila Police District
Station-1

Happy 2nd Anniversary to HANEP. More celebrations and blessings to come.

**P/Supt. Santiago Pascual**
Station Commander
Manila Police District
Station-2

# TOP 8 MOST WANTED PERSON NG 'DASMA, NADAKMA NG PULISYA

**NADAKMA o arestado sa mga tauhan ng Dasmariñas City Police Station ang Top 8 Most Wanted Person ng lungsod.**

Ang suspek na si Elaine Barquin ay nadakip ng mga operatiba ng

Warrant and Subpoena Section sa pamumuno ni C/ Insp. Fermel Valerio dela Cruz.

Si Barquin ay naaresto nitong Mayo 5 dakong alas-10:00 ng umaga sa Barangay Paliparan 3, Dasmariñas City.

Ang pagkakaaresto sa suspek ay batay sa warrant of arrest na ipinalabas ni Judge Dennis R. Pastrana ng Regional Trial Court (RTC), Branch 90, City of Dasmariñas.

Ito ay may kaugnayan sa kasong qualified theft na kinakaharap ng suspek.

Ang Implan Manhunt Charlie ay isa sa mga programang pinalalakas ng Dasmariñas CPS sa ilalim ng liderato ni Supt. Rexmel Reyes bilang Officer-In-Charge (OIC).

# Estudyanteng hindi naka-graduate, nagbigti

Dasmariñas City, Cavite — TULUYAN ng hindi nakapagtapos sa kanyang pag-aaral ang isang 23-anyos na graduating Psychology student nang nagpakamatay ito sa pamagitan ng pagbigti matapos silang magtalo ng ina dahil sa problema nito sa mga grades.

Namatay habang ginagamot sa Asia Medic Hospital ang biktimang si Kevin Morgia, binata, at residente ng Block 14, Lot 9 Washington Place Subd., Brgy., Sampaloc 2.

Sa report ni SPO1 Andy Evangelista ng Dasmarinas City Cavite Provincial Police Office (PPO), dakong 1:50 ng hapon nang naganap ang insidente sa loob ng kuwarto ng kanilang bahay sa nasabing lugar.

Ayon kay Lani Morgia, ina ng biktima, pumasok ito sa kuwarto ni Kevin subalit tumambad sa kanya ang anak na nakabitin ang leeg sa kisame ng kuwarto.

Tinangkang isugod sa ospital ang biktima subalit idineklarang patay dakong 3:50 ng hapon.

Inamin ng nakakatandang kapatid ng biktima na bago ang pagpapakamatay ay nagkaroon siya ng mainitang pagtatatalo sa kanyang ina dahil umano sa bagsak nitong grades sa school.

"Bago naganap ang insidente ay nagtalo sila ng kanyang ina nang

sitahin ito dahil sa mga bagsak niyang grades dahilan para hindi ito makapag-gradute" ayon kay SPO1 Evangelista.

Samantala, namatay din habang ginagamot sa nasabing ospital ang isang 20-anyos na dalaga na nagpakamatay sa pamagitan ng pagbigti sa loob ng comfort room ng inuupahang nilang bahay.

Si Merliodhen Echivere, 20, walang trabaho ng Block 14 Santol St., Greenfield Subd., Brgy. Sampaloc 2 ay natagpuang nakabitin ang leeg gamit ang isang nylon cord ng kapatid nito na si Ybon Echivere sa loob ng comfort room ng kanilang bahay dakong 10:00 ng umaga.

Ayon sa salyasay ni Ybon Echivere, kapatid ng biktima, nagtaka ito ng hindi niya napansin ang kanyang kapatid pagkagising nito dahilan upang hanapin ito hanggang sa pagpasok ito sa loob ng kanilang comfort room kung saan tumambad sa kanya ang kapatid na nakabitin ang leeg gamit ang isang nylon cord .

Tinangka pang isugod ang biktima sa ospital subalit idineklarang dead on arrival ng mga doctor sa nasabing ospital.

Ayon sa kapatid ng biktima, nagtangka na rin magpakamatay ang biktima noong taon 2013 subalit hindi ito nagtagumpay dahil naagapan nila ito.

Tumanggi na rin ang mga kamag-anak ng biktima na sumailalim ito sa autosiya dahil naniniwala silang walang naganap na foul play sa pagkamatay nito. **GENE ADSUARA**

# HANEP

Basahin Mo Ito!




## Salamat sa mga dumalo; Pagbati kay Isko; Si Diño ang magtuturo; at ang PERYAHAN bow!

IDINAOS ang simpleng selebrasyon ng ikalawang kaarawan o anibersaryo ng ating pahayagang HANEP nitong nakaraang Mayo 8 na ginanap sa Tata Ver's Family KTV na matatagpuan sa 1337 Juan Luna St. kanto ng Perla St., Tondo, Manila.

Maliit na pagtitipon subalit punung-puno naman ng kasiyahan.

Kaya naman ipinaabot ko ang aking pasasalamat sa lahat ng dumalo at nakiisa.

Ganoon din sa lahat ng sumuporta, isang taus-pusong pasasalamat.

Uulitin ko, ang higit o labis na pasasalamat sa Panginoong Diyos na nagbigay ng pahintulot para makarating sa ikalawang taon ang ating pahayagan.

Kasabay na rin ng patuloy na dalangin na ipagkaloob pa ang napakaraming kaarawan o anibersaryo ng HANEP.

###

Batiin lang natin si former Manila Vice Mayor Francisco 'Isko Moreno' Domagoso.

Itinalaga siya ni Pangulong Rodrigo Duterte bilang Undersecretary ng Department of Social Welfare and Development (DSWD).

Three consecutive terms si Isko bilang bise alkalde ng Maynila at nitong mga nagdaang araw ay umuugong ang kanyang pangalan na isa sa mga sasabak bilang kandidatong mayor ng lungsod sa susunod na taon.

Pero ang sabi ni Isko ay wala siyang planong tumakbong alkalde ng Maynila.

Alam natin na maraming nanghihinayang pero kung iyan ang pasya ni Isko ay irespeto na lamang.

Pero malay ninyo at biglang magbago ang isip ni Isko.

###

Mismong si Department of Interior and Local Government (DILG) Undersecretary Martin Diño ang mangangasiwa sa mga bagong opisyal ng Sangguniang Kabataan (SK) kaugnay ng pag-aaral ng mga ito sa DILG Academy.

Ituturo sa mga SK officials ang mga tamang pamamaraan para sa wastong pamumuno sa barangay.

Hindi lamang sa mga programa bagkus maging ang kampanya laban sa iligal na droga.

Sa hanay naman ng mga opisyal ng barangay ay tuloy ang direktiba ni Diño hinggil sa paglikha ng Barangay Anti-Drug Abuse Council (BADAC) program.

###

Negosyo nina misis at mister ay peryahan at nitong mga nakaraang araw ay mayroon silang puwesto sa Barangay Desamparados, Jaro, Iloilo City.

Ang mag-asawa ay mayroong kasama o katulong sa kanilang peryahan na 28-anyos na lalaki.

Hindi alam ni mister na ang naturang lalaki ay kalaguyo pala ng kanyang 39-anyos na misis.

Huli sa akto ni mister ang kanyang misis at kalaguyo nito habang nagtatalik doon mismo sa kanilang peryahan.

Huli ang magkalaguyo at sinampahan ng kaso.

Nabanggit natin ang peryahan, napatigil na kaya ng pamunuan ng kapulisan ng Rosario, Cavite ang iligal na peryahan na kanilang nasasakupan sa Salinas?

Bakit iligal? Kasi po ay mayroong illegal gambling sa loob ng peryahan na kaya bakit pinapayagan ito ng Rosario Municipal Police Station?

Mayor Voltaire Ricafrente at Vice Mayor Nonong Ricafrente, kayo po ba ay payag sa ganyang uri ng peryahan sa bayan na inyong pinamumunuan?

Tanong lamang po!







**ENHANCING CAPABILITIES AND RE-ORIENTATION OF DUTIES OF CPJ PERSONNEL:** In order to enhance the capabilities and re-orient their employees on their duties and responsibilities, the Cavite Provincial Jail has conducted an in-house seminar and re-orientation on May 2-4, 2018 at the ceremonial hall in Trece Martires City. During the re-orientation, Mr Noel Alegre and Ms Daphne Lei Hierco discussed the objectives of the training and laws governing jail services. They also tackled organization and functions of Cavite Provincial Jail as well as the Jail Administration and Jail Services. On the latter part, they have facilitated workshops on the proper handling of inmates and explained the duties and responsibilities of jail guards. — **(PICAD)**